Welcome!

> **Magsisimula tayo panandalian...**

Metro



“Nagpaplano kaming pahusayin ang kadalian ng pagkilos at kaligtasan sa 405”

Paglalahad ng Pagsaklaw

Setyembre 19, 2024, 6:00pm

MGA PROYEKTO NG PAGPAPABUTI SA I-405 MULA SA WILMINGTON AV HANGGANG MAIN ST

Metro

Caltrans

Interpretasyon ng Pagpupulong sa Zoom

> Ang pulong na ito ay inihahatid sa Ingles, Espanyol at Tagalog.

> Dapat piliin ng bawat isa ang wika kung saan nila gustong marinig ang pulong.

> Pindutin ang icon ng Interpretasyon sa iyong mga kontrol sa pagpupulong upang makapasok sa isang Ingles, Espanyol o Tagalog na kwarto

> Para marinig lang ang naisalin na wika, pindutin ang **I-mute ang Orihinal na Audio (Opsyonal)**



Maligayang pagdating!

> Placeholder para sa potensyal na miyembro ng Carson City Council na siyang magbubukas ng pulong

> Ang Metro na siyang magko-coordinate ng virtual at harapang mga pagpupulong



Adyenda

> Interpretasyon sa Pulong

> Panimula/Koponan ng Proyekto

> Pagrepaso sa Kapaligiran

> Pangkalahatang-ideya ng Proyekto

> Mga Alternatibong Proyekto

> Iskedyul ng Proyekto

> Paano Magkomento



Paano Magkomento

Panahon ng Komento hanggang Huwebes, Oktubre 10, 2024

Mga Pormal na Komento :
Ang mga pormal na komento ay maaaring isumite sa pamamagitan ng koreo o email. Ang mga komentong ito ay idodokumento sa Draft Environmental Document.


Email: *wilmington@metro.net*

Koreo:

Karl Price
Senior Environmental Scientist
Caltrans
Division of Environmental Planning
100 S. Main Street – MS 16A
Los Angeles, CA 90012

Mga Pormal na Komento sa pulong na ito:

- Ang mga nakasulat na komento ay maaaring ibigay gamit ang Q&A function sa Zoom.
- Hanapin ang Q&A button sa control panel, sa ibaba ng iyong screen.



- Ang mga pasalitang komento ay maaari ding ibigay. Ang mga tagapagsalita ay bibigyan ng 1 minutong limitasyon sa oras.
- Ang isang tagapag-ulat ng hukuman ay naroroon upang itala ang iyong mga tugon sa komento.
- Tandaan na sabihin ang iyong pangalan at magsalita nang malinaw

Ibabahagi ang lahat ng komento sa Environmental Project Team

Code of Conduct ng Metro

Tapat ang Metro sa pagtiyak na ang lahat ng kalahok ay makapagbabahagi ng mga ideya, komento at alalahanin nang patas at malinaw tungkol sa proyektong ito.

Upang makapagbigay ng ligtas at patas na proseso, humihingi kami ng iyong tulong.

Sa panahon ng pagpupulong na ito, mangyaring :

- Igalang ang format ng pulong at bigyan ang lahat ng pagkakataong magkomento
- Patayin ang mga cell phone at ingay habang nagtatanghal
- Tratuhin ang kapwa miyembro ng komunidad, kinatawan ng ahensya, kawani ng Metro at iba pa nang may paggalang
- Ibigay ang lahat ng komento sa mga kawani at consultant ng Metro
- Panatilihin ang maayos na pakikipag-usap

7

Pahayag ng Patakaran sa Walang Diskriminasyon

Ang Kagawaran ng Transportasyon ng California, sa ilalim ng Title VI ng Civil Rights Act of 1964, ay tumitiyak na "Walang tao sa Estados Unidos, sa batayan ng lahi, kulay, o bansang pinagmulan, ang hindi dapat isama sa pakikilahok, pagkaitan ng mga benepisyo, o isailalim sa diskriminasyon sa ilalim ng anumang programa o aktibidad na tumatanggap ng pederal na tulong pinansyal."

Gagawin ng Caltrans ang lahat ng pagsusumikap upang matiyak na walang diskriminasyon sa lahat ng serbisyo, programa at aktibidad nito, pinondohan man ng pederal o hindi, at ang mga serbisyo at benepisyo ay patas na ibinabahagi sa lahat ng tao, anuman ang lahi, kulay, o bansang pinagmulan. Bilang karagdagan, papadaliin ng Caltrans ang makabuluhang pakikilahok sa proseso ng pagpaplano ng transportasyon sa paraang walang diskriminasyon.

Pinaglalayun ng mga kaugnay na pederal na batas, remedyo, at batas ng estado ang mga proteksyong iyon sa pagsasama ng kasarian, kapansanan, relihiyon, oryentasyong sekswal, at edad.

Para sa impormasyon o patnubay kung paano maghain ng reklamo, o makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Title VI, mangyaring makipag-ugnayan sa Title VI Branch Manager sa (916) 639-6392 o bisitahin ang sumusunod na web page: *https://dot.ca.gov/programs/civil-rights/title-vi*.

Upang makuha ang impormasyong ito sa isang alternatibong format tulad ng Braille o sa isang wika maliban sa Ingles, mangyaring makipag-ugnayan sa California Department of Transportation, Office of Civil Rights, sa PO Box 942874, MS-79, Sacramento, CA 94274-0001; (916) 879-6768 (TTY 711); o sa *Title.VI@dot.ca.gov*.

Mga Kasosyo sa Proyekto

LA Metro

Caltrans District 7 and HQ

City of Carson

South Bay Cities Council of Governments (SBCCOG)



Mga Tagapagsalita ngayon



Robert Machuca
Project Manager
Metro



Mark Dierking
Community Relations
Director
Metro



Michael Hynes
Project Manger
Technical Consultant
HDR

Karl Price
Senior Environmental
Scientist
Caltrans – District 7

Pagrepaso sa Kapaligiran

Ang California Department of Transportation (Caltrans), sa pakikipagtulungan sa Metro, ay naghahanda ng Draft Environmental Document bilang pagsunod sa CEQA at NEPA. Ang Metro ang Sponsor at ang Caltrans ay CEQA at NEPA Lead Agency.

Burador ng Environmental Impact Report/Environmental Assessment (EIR/EA)

California Environmental Quality Act (CEQA)

- Ipaalam sa mga gumagawa ng desisyon at sa publiko ang tungkol sa mga potensyal na epekto ng proyekto
- Pigilan ang mabibigat at maiiwasang epekto
- Tukuyin ang mga diskarte sa pagpapagaan upang mabawasan ang mga mabibigat na epekto
- Ibunyag kung paano at bakit ginawa ang mga desisyon tungkol sa isang proyekto

National Environmental Policy Act (NEPA)

- Nangangailangan ng detalyadong pahayag para sa mga iminungkahing pangunahing aksyong Pederal na lubhang nakaaapekto sa kalidad ng kapaligirang pantao
- Kahalagahan ng proyekto sa kabuuan

Teknikal na Pag-aaral

Mga teknikal na pag-aaral na maaaring ihanda upang masuri ang mga potensyal na epekto nang mas maigi :

- Kalidad ng Hangin
- Yamang Biyolohikal
- Mga Epekto sa Komunidad
- Yamang Kultural
- Pinagsama-samang Epekto
- Heolohiya at Lupa
- Emisyon ng Greenhouse Gas
- Pag-uudyok sa Paglago
- Mapanganib na Materyales
- Hydrolohiya at Kalidad ng Tubig
- Paggamit at Pagpaplano ng Lupa
- Ingay at Vibration
- Mga Mapagkukunang Paleontolohiya
- Populasyon at Pabahay
- Pampublikong Serbisyo/Mga Pasilidad
- Trapiko/Transportasyon
- Bisuwal/Estetiko



Mga Komento at Puna mula sa Pagsaklaw sa Publiko


May plano ang Metro na gawing mas madali ang paglilibot sa South Bay sa pamamagitan ng Proyektong ito na naglalayong pahusayin ang kadalian ng pagkilos, pag-access, at kaligtasan

> Ang Metro ay pormal na nagpapasimula ng mga pag-aaral para sa I-405 mula sa Wilmington Av hanggang sa Main St Improvements Project at nais ang iyong input sa mga iminungkahing pagpapabuti ng proyekto.

> Ang mga iminungkahing pagpapahusay ay magpapahusay sa kaligtasan at mga operasyon sa buong koridor upang mapabuti ang iyong pag-commute

Ang mga pagpupulong na pagsaklaw sa publiko ay isang mahalagang unang hakbang sa proseso ng pagsusuri sa kapaligiran

> Ang lahat ng komentong natanggap sa panahon ng pagsaklaw ay isasaalang-alang sa paghahanda ng Draft Environmental Impact Report (EIR) at Environmental Assessment (EA) alinsunod sa mga kinakailangan ng pederal at estado.



Iskedyul ng Proyekto

Iskedyul ng Proyekto

WE ARE HERE

Taglagas 2024	2025	Taglamig 2026	Tagsibol 2027
Pagsaklaw sa Publiko Mga pagpupulong sa pagsaklaw sa publiko at panahon ng komento sa saklaw ng proyekto	**Pagsagawa ng Pangkapaligirang Pagsusuri at Teknikal na Pag-aaral**	**Mag-draft ng EIR/EA Release** Mga pampublikong pagdinig at panahon ng pampublikong komento	**Panghuling Paglabas ng EIR/EA** Pag-apruba ng Metro Board



PATULOY NA PARTISIPASYON NG PUBLIKO

** Maaaring magbago ang timeline*

Kasalukuyang Estado

- Ang proyekto ay kasalukuyang nagsisimula ng proseso ng pagsusuri sa kapaligiran | CEQA/NEPA
- Ang proseso ay nagsisimula sa isang yugto ng saklaw upang mangalap ng input mula sa mga pampublikong ahensya, stakeholder, at komunidad
- Kasunod ng panahon ng saklaw, ang mga teknikal na pag-aaral ay inihahanda upang masuri nang mas maigi ang mga potensyal na epekto
- Matapos makumpleto ang mga pag-aaral na ito, isang Environmental Impact Report (EIR) at isang Environmental Assessment (EA) ay inihanda
    - Ang pakikilahok ng publiko ay kritikal sa yugtong ito
    - Magbibigay ng mga pagkakataon sa mga mahahalagang milestone para ang komunidad ay makasali sa proyekto, mag-alok ng mga komento, at magbigay ng iba pang feedback upang makatulong sa paghubog ng proyekto



Pangkalahatang-ideya ng Proyekto

Pangkalahatang-ideya ng Proyekto

> Tinatayang 3 milyang koridor

> Sa I-405 mula Wilmington Av hanggang Main St (timog lang ng I-110)

> Mahigit 300,000 sasakyan ang dumadaan sa kahabaan ng freeway araw-araw, na ginagawang isa sa pinaka-abalang sa lugar ng Los Angeles ang seksyong ito ng I-405



Pangkalahatang-ideya ng Proyekto

Sabihin sa amin ang tungkol sa iyong mga karanasan sa isang Zoom Poll

Sagutin ang mga tanong sa Zoom Poll sa iyong screen

> Nakapagmaneho ka na ba ang seksyong ito ng 405 sa pagitan ng Wilmington Av at Main St?

> Nasubukan mo na pumasok sa freeway at nahirapan sa "paghahabi" sa linya ng mga sasakyan?

> Naranasan mo na bang maaksidente o nakasaksi ng aksidente ng ibang mga sasakyang pumapasok?

> Nagpaplano ka na bang dumaan sa 405, at nang malapit ka na sa on-ramp, nakakita ka ng solidong pulang linya sa iyong GPS at nagpasya kang dumaan na lamang sa mga kalapit na kalye?

> Nandito ka ba ngayong gabi dahil nag-aalala ka tungkol sa pagkuha ng ari-arian ng Metro?



Pangkalahatang-ideya ng Proyekto

- Tinatrabaho ng Metro ang pakikipag-ugnayan sa California Department of Transportation (Caltrans) upang magmungkahi ng mga pagpapahusay na magpapahusay sa kaligtasan at mga operasyon sa koridor
- Tatlong alternatibo ang sinusuri bilang bahagi ng iminungkahing Proyekto
- Kabilang dito ang dalawang alternatibong pagpapatayo at isang alternatibong walang-pagpapatayo
- Magpatupad ng mga kumpletong elemento ng kalye sa mga interchange ng freeway
- Walang permanenteng pribadong pagkuha ng parsela




Pangangailangan at Layunin ng Proyekto

Bakit Kailangan ang Proyekto?

> Mga kakulangan sa pagpapatakbo at paghabi sa pagitan ng mga interchange ng freeway

> Mas mataas ang mga rate ng banggaan kaysa sa karaniwan sa buong estado

> Kakulangan ng koneksyon para sa mga pedestrian at nagbibisikleta sa mga lokal na interchange



Ano ang Mga Layunin ng Proyekto?

> Pagpapahusay ng relayabilidad at kaligtasan sa oras ng trapiko sa kahabaan ng I-405

> Nagbibigay ng patas, naa-access at napapanatiling mga opsyon sa paglalakbay

> Magsulong ng ugnayang pang-ekonomiya at pagbutihin ang accessibility para sa paggalaw ng mga kalakal

Pinagsasama ng aming plano ang mga pagsisikap sa apat na aspeto


Mas Mahusay na Pagbiyahe

Mapabuti ang Kadalian ng Pagkilos

Kumpletong mga Kalye

Daan sa Oportunidad

Sinadya naming tumuon sa pag-aalis ng mga pagkakaiba sa lahi at sosyo-ekonomiko at pagsusulong ng mga napapanatiling kasanayan sa lahat ng aming ginagawa.





Ang proyektong ito ay nagtatrabaho upang mabawasan ang trapiko

Mas Mahusay na Pagbiyahe

Mga Proyekto sa Pagsasakay

Mga Pagpapabuti ng Bus

Bagong Mga Opsyon sa Kakayahan ng Pagkilos

Mapabuti ang Kadalian ng Pagkilos

Mga Pagpapabuti ng Daan

Pamamahala ng Mobility

Pinahusay at Maayos na Paggalaw ng Mga Kalakal

Kumpletong mga Kalye

Mga Proyekto sa Bisikleta at Tumatawid

Mga Lokal na Pagpapahusay sa Kalye

Mga Pagpapahusay sa Access sa Istasyon at Hintuan

Daan sa Oportunidad

Mga Inisyatibo ng workforce

Suporta para sa Mga Lokal na Negosyo

Mga Komunidad na Nakatuon sa Pagbiyahe

Mapa ng Proyekto at Mga Alternatibo

Tatlong alternatibo ang sinusuri bilang bahagi ng iminungkahing Proyekto:

> **Alternatibo 1 –** Walang Paggawa

> **Alternatibo 2 –** Mga Pantulong na Lane at Mga Kumpletong Kalye

> **Alternatibo 3 –** Transportation Systems Management (TSM) at Transportation Demand Management (TDM) at Complete Streets



Mga Iminungkahing Pagpapabuti

Ano ang Auxiliary Lanes?

> Ang mga auxiliary lane ay mga maiikling distansyang daan na matatagpuan sa pagitan ng mga entrance/exit ramp na idinisenyo upang payagan ang pagbabago ng bilis, paghabi, at iba pang layuning pangkaligtasan upang makatulong sa mahusay na paggalaw ng trapiko

Ano ang Mga Kumpletong Kalye?

> Ang "Complete Streets" ay isang paraan ng disenyo ng kalye na nagtataguyod ng mas mataas na access para sa lahat ng gumagamit ng kalsada.

> Kasama sa mga elemento ng Complete Streets ang mga bangketa na sumusunod sa ADA at mga curb ramp, mga karagdagang pasilidad ng bisikleta, pinahusay na pag-iilaw, nakikitang mga crosswalk at mga akomodasyon ng panghinaharap na pagbibiyahe at mga multi-modal trail na koneksyon


Ano ang mga diskarte ng TSM/TDM?

> Kasama sa mga diskarte sa Transportation Systems Management (TSM) at Transportation Demand Management (TDM) ang mga elemento upang mapabuti ang pamamahala ng trapiko. Maaaring kabilang dito ang: mga sistema ng CCTV para subaybayan ang paggalaw ng trapiko, pagmemetro sa rampa at mga sistema ng pagtuklas ng sasakyan, pag-synchronize ng signal sa kalye, pagdaragdag ng turn lane, mga karatulang nababago ang mensahe, at higit pa

Mga Alternatibong Proyekto


Alternatibong 1 – Walang Paggawa

- Walang mga pagpapahusay na magaganap
- Habang tumataas ang pangangailangan sa trapiko sa buong koridor ng proyekto, ang mga umiiral na isyu sa pagpapatakbo at kaligtasan ay hindi matutugunan o mapapagaan
- Walang multi-modal na elementong ipatutupad



Alternatibong 2 – Auxiliary Lanes at Complete Streets


- Magpatupad ng **dalawang** auxiliary lane pahilaga sa I-405 at **dalawang** auxiliary lane patimog sa I-405
- Ipatupad ang mga elemento ng Complete Streets
- Ipatupad ang mga elemento ng TSM/TDM






Pangkalahatang-ideya ng Auxiliary Lanes

- Hindi deretsong mga daan na konektado sa pagitan ng loob at labas ng rampa
- Hindi gumagana bilang mga daang may pangkalahatang-layunin
- Magbigay ng mas maraming espasyo at oras para sa pagpasok at paglabas ng trapiko sa freeway
- Binabawasan ang mga parteng salungatan sa paggalaw ng sasakyan



Halimbawa ng daanang wala at may mga pantulong na daanan

Mga Elemento ng Complete Streets (Mga Alternatibo 2 at 3)



> Ang mga larawan ng mga elemento ng Complete Streets sa itaas ay mga potensyal na proyekto na maaaring may kasamang ADA compliant sidewalks at curb ramps, karagdagang mga pasilidad ng bisikleta, pinahusay na ilaw, nakikitang mga tawiran at akomodasyon ng panghinaharap na pagbobiyahe at mga koneksiyong multimodal trail

Alternatibong 3 – TSM/TDM

- Ipatupad ang mga elemento ng TSM/TDM
- Ipatupad ang mga elemento ng Kompletong Kalye



Mga Istratehiya ng TSM/TDM

Transportation System Management (TSM)

Sistema ng operasyon sa pagbababuti ng pangangasiwa sa freeway

Transportation Demand Management (TDM)

Mga istratehiya sa pagpapababa ng pangangailangan sa sistema

Kabilang dito ang mga sumusunod na elemento upang mapabuti ang pamamahala ng trapiko at dagdag na kahusayan:

- Sistema ng telebisyong closed circuit
- Sistema ng pagmemetro sa rampa at sistema ng pagtuklas ng mga behikulo
- Pag-synchronize ng signal
- Pagsi-signal/karagdagang ikutang daan
- Karatula ng mga nababagong mensahe



Mga Pangrehiyong Multimodal na Benepisyo


Mga Pagpapabuti ng Bisikleta

- Suriin ang nakaplano at umiiral na elemento ng kumpletong kalye
- Pagbutihin ang mga multimodal na koneksyon sa Dominguez Channel Trails
- Suriin ang Class I at II na mga bikeway sa mga arteriyal na kalye
- Suriin ang mga daan ng buffered bike sa mga arteriyal na kalye









Mga Pormal na Komento

Paano Magkomento

Panahon ng Komento hanggang Huwebes, Oktubre 10, 2024

Mga Pormal na Komento:
Ang mga pormal na komento ay maaaring isumite sa pamamagitan ng koreo o email. Ang mga komentong ito ay idodokumento sa Draft Environmental Document.


Email: *wilmington@metro.net*

Koreo:

Karl Price
Senior Environmental Scientist
Caltrans
Division of Environmental Planning
100 S. Main Street – MS 16A
Los Angeles, CA 90012

Mga Pormal na Komento sa pulong na ito :

- Ang mga nakasulat na komento ay maaaring ibigay gamit ang **Q&A** function sa Zoom.
- Hanapin ang butones ng **Q&A** sa control panel, sa ibaba ng iyong screen.



- Ang mga pasalitang komento ay maaari ding ibigay. Ang mga tagapagsalita ay bibigyan ng 1 minutong limitasyon sa oras.
- Ang isang tagapag-ulat ng hukuman ay nandito upang itala ang iyong mga tugon sa komento.
- Tandaan na sabihin ang iyong pangalan at magsalita nang malinaw

Ibabahagi ang lahat ng komento sa Project Team.

Oras para sa mga Komento


Magsalita- Bibigyan ka ng 1 minuto para magkomento


- Pindutin ang Itaas ang Kamay sa iyong mga kontrol sa pagpupulong
- *O Pindutin ang*9 kung ikaw ay nasa linya ng telepono ng Zoom*
- # Pakihintay hanggang tawagin ang iyong pangalan at ma-unmute ka

  Siguraduhing sabihin ang iyong pangalan at magsalita nang dahan-dahan at malinaw para sa Court Reporter

- **Upang ibaba ang iyong kamay,** pindutin ang Itaas ang Kamay sa iyong mga kontrol sa pagpupulong







Makipag-ugnayan sa Amin

Lourdes Kriste
Project Manager
Metro
One Gateway Plaza
Los Angeles, CA 90012

310.854.3196

wilmington@metro.net

metro.net/405wilmington

@metrolosangeles

losangelesmetro

